DENR MIMAROPA RECORDS SECTION
RECEIVED
12 OCT 2022
INCOMING OUTGOING
DATS NO.

Cabalwa, Mansalay
Oriental Mindoro
September 21, 2022

The Secretary
Department of Environment
And Natural Resources
Visayas Avenue, Diliman
Quezon City

Madam:

Ako po ay isang residente ng Barangay Cabalwa, Mansalay,Oriental Mindoro. Dito po sa aming lugar ay may ginagawang kalsada mula sa highway ng bundok na kung tawagin ay MABAHO patungo sa Sitio Bingig ng Cabalwa na ginagamitan ng Buldozer. Ito po ay ipinapagawa ni Ginoong MANNY ANDAYA. Sa ginagawang kalsada ay marami pong malalaking punong kahoy na pinuputol na likas na tumubo sa nasabing lugar. Sa akin pong obserbasyon, itong ginagawang kalsada ay magdudulot ng EROSION at LANDSLIDE sa nasabing lugar.

Bukod po sa ginagawang kalsada, mayroon ding itinatayong malaking gusali dito sa Sitio BINGIG na gagawing Beach Resort. Ito pong proyektong ito ay ipinapatayo ng isang German National na si RAIMOND WOITINEK.

Kaugnay po sa dalawang proyektong nabanggit, nais kong itanong at malaman sa pamamagitan ng telebisyon at radio kung ito ay may kaukulang permit sa pagpuputol ng mga punong kahoy at Environmental Compliance Certificate sa ginagawang kalsada at kung mayroon din pong Environmental Compliance Certificate yong itinatayong gusali sa gagawing Beach Resort sa Bingig, Cabalwa.

Hanggang dito na lamang po at sana ay mabigyan ng agarang aksyon ang mga bagay na ito, kung ito'y walang kaukulang papeles na nagpapahintulot sa pagpapagawa ng nasabing proyekto na galling sa inyong tanggapan.

Maraming salamat po at mabuhay kayo.

Ang sumasainyo,

CONCERNED CITIZEN

COPY FURNISHED:
Regional Executive Director
1515 Roxas Blvd.
Ermita, Manila

Provincial Environmental and
Natural Resources Officer
Suqui, Calapan City